# Unang Markahan Baitang 2
# Supplemental Lesson Plan

## Aralin: Ako at ang Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nauunawaan ang konsepto ng komunidad
- Nasasabi ang payak na kahulugan ng komunidad
- Nasasabi na ang bawat bata ay may kinabibilangang komunidad

**A. Panimula** (Laro: *" The Boat Is Sinking"*)

1. Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na malibang at makita kung sino-sino ang kanilang mga kapit-bahay gamit ang larong "*The Boat Is Sinking*." Gamitin ito upang hatiin ang klase sa ilang grupo.
2. Magkaroon ng proseso sa ginawang laro. Magpakita ng ilang larawang nagpapakita ng isang komunidad. Gamit ang *Think-Pair-Share,* hayaan ang mga mag-aaral na ilarawan ang kanilang kinagisnang komunidad. Hayaan silang magbigay ng mga katangian na magsasabing ang lugar na kanilang tinitirhan ay isang komunidad.










**Pangunahing Pang-unawa:**

- Kapag ang mga tao ay nagsasama-sama upang magtulungan para sa maayos na pamumuhay, bumubuo sila ng isang komunidad.
- Ang komunidad ay mahalaga dahil dito nagtutulungan ang mga tao upang masiguro nila ang isang maayos at mapayapang lugar na titirhan nila.

**Pangunahing Tanong:**

- Kailan nagiging komunidad ang tinitirhan ng isang tao?
- Bakit mahalaga ang isang komunidad sa isang tao?

**B. Paglinang** (Pagguhit ng sariling komunidad)

1. Gamit ang grupong nabuo sa panimulang gawain, bigyan ang bawat grupo ng *manila paper* at mga pangkulay para sa gawaing ito.
2. Iguguhit nila sa *manila paper* ang kanilang komunidad.
3. Iguguhit dito ng mag-aaral ang mga katunayan na sila ay nakatira sa isang komunidad. (Halimbawa: mga tahanan ng mga pamilyang sama-sama sa isang barangay, mga taong nagtutulungan para sa ikabubuti ng komunidad, at iba pa)
4. Maaari din nilang iguhit dito ang kanilang mga pamilya at kung ano ang kanilang bahagi sa komunidad.
5. Pagkatapos ay ididikit nila ang kanilang iginuhit sa pisara.

**C. Pagpapatibay** (Pag-uulat ng Pangkatang Gawain)

1. Matapos ikabit ang mga nagawang larawan ay pipili ang bawat grupo ng mag-uulat ng kanilang ginawa.
2. Sasabihin nila sa klase ang tatlong bagay na makikita sa kanilang iginuhit na magpapatunay na sila ay nakatira sa isang komunidad.
3. Bigyan ang bawat grupo ng 5 minuto para sa pag-uulat.
4. Paglalagom: Gamitin ang mga pangunahing tanong para sa paglalagom.
5. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.
    - Sino-sino ang nakatira sa komunidad ninyo? Ilan kaya ang taong nakatira sa barangay o sa kalye kung saan makikita ang inyong bahay?
    - Marami o kaunti lang ba ang tao sa inyong komunidad?
    - Ano-anong mga lugar o bagay ang makikita sa inyong komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pagpapahalaga sa pagiging bahagi ng isang komunidad (*Social Accountability*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Gamit pangkulay (krayola, *watercolor*, atbp.)
- *Manila paper*

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin: Ang mga Bumubuo sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nasasabi ang batayang impormasyon tungkol sa sariling komunidad: pangalan ng komunidad, lokasyon (malapit sa tubig o bundok, malapit sa bayan), mga namumuno rito, populasyon, mga wikang sinasalita, at iba pa
- Natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad:
  - Mga tao: mga iba't ibang naninirahan sa komunidad, mga pamilya, o mag-anak
  - Mga institusyon: paaralan, mga sentrong pamahalaan o nagbibigay serbisyo, sentrong pangkalusugan, pamilihan, simbahan o *mosque*, at iba pang pinagtitipunan ng mga kasapi ng ibang relihiyon

**A. Panimula** (Awit: "Ako, Ikaw, Tayo, Isang Komunidad")

1. Simulan ang aralin gamit ang isang *video* na may pamagat na "Ako, Ikaw, Tayo, Isang Komunidad K-12 Song for Araling Panlipunan." Hikayatin ang mga mag-aaral na sumunod sa awit. Gawin ito sa loob ng 5 hanggang 10 minuto.
2. Iproseso ang ginawang gawain. Ipaalalang muli ang depinisyon ng isang komunidad. Gamit ang *Think-Pair-Share*, bigyan ang mga mag-aaral ng 2 minuto upang isulat sa papel ang mga bagay o tao na bumubuo sa komunidad.

**B. Paglinang** (*Cooperative Learning*: Pagkalap sa bumubuo sa komunidad)

1. Hatiin muli ang mga mag-aaral ayon sa barangay o kalye kung saan sila nakatira. Bigyan ang bawat isa ng isang sagutang papel na kung saan isusulat nila ang mga bagay at bilang ng tao sa kanilang komunidad.
2. Kakapanayamin ng bawat mag-aaral ang kanilang kasama sa grupo. Itatanong nila ang mga impormasyong nakasulat sa kanilang sagutang papel.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Kailangan rin ng mga tao ng bagay o institusyon upang masiguro nila ang kaayusan at kapayapaan ng kanilang pamumuhay sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang mga tao at institusyon sa pagbuo ng komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pagpapahalaga sa pagiging bahagi ng isang komunidad (*Social Accountability*)

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- *Computer, LCD projector,* o TV *screen* para sa panonood ng *video*

| Mag–aaral | Tirahan (*address*) | Bilang ng Tao sa Bahay | Saan malapit ang tirahan (Halimbawa: sa palengke, sa barangay *hall*, sa simbahan, sa *health center*) |
|---|---|---|---|
| Mag–aaral 1 | | | |
| Mag–aaral 2 | | | |
| Mag–aaral 3 | | | |

3. Bigyan ang bawat grupo ng 20 minuto para tapusin ang gawain.

**C. Pagpapatibay** (Diskusyong Pangkalahatan)

1. Matapos ang pangkatang gawain, tumawag ng isa hanggang tatlong mag-aaral para sa pagsasalaysay.
2. Sasabihin ng mga mag-aaral kung marami bang nakatira sa kanilang komunidad at kung ano-ano ang mga institusyong makikita sa komunidad. Bigyan ang bawat mag-aaral ng 2 minuto para sabihin ang kanilang mga sagot.
3. Paglalagom: Gamitin ang mga pangunahing tanong sa paglalagom.
4. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.
   - Sino-sino ang nakatira sa komunidad ninyo? Ilan kaya ang taong nakatira sa barangay o sa kalye kung saan makikita ang inyong bahay?
   - Marami o kaunti lang ba ang tao sa inyong komunidad?
   - Ano-anong mga lugar o bagay ang makikita sa inyong komunidad?

- *Video* ("Ako, Ikaw, Tayo, Isang Komunidad, K-12 song for Araling Panlipunan)


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin: Ang Halaga ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Naipaliliwanag ang kahalagahan ng komunidad
- Nasasabi ang mga halimbawa ng komunidad
- Nasasabi ang pagkakapareho at pagkakaiba ng sariling komunidad sa mga kaklase

**A. Panimula** (Pangkatang Gawain: "Paggawa ng Tore")

1. Hatiin sa tatlo o apat na grupo ang klase. Bigyan sila ng 25 pirasong *straw*, gunting, at isang metrong tali. Gagawa sila ng matibay at mataas na tore gamit ang mga ibinigay sa kanila. Kailangang hindi nila sayangin ang mga ibinigay na materyales. Gagawin nila ito sa loob ng 20 minuto.
2. Iproseso ang gawain. Magkaroon ng munting talakayan tungkol sa kahalagahan ng pagtutulungan sa isang komunidad.

**B. Paglinang** (*Picture Analysis:* Halaga ng tulungan at damayan sa Komunidad)

1. Gamit ang grupo sa unang gawain, bigyan ang bawat grupo ng mga larawan na nagpapakita kung kailan nagtutulungan ang mga tao sa komunidad (Halimbawa: kapag may mga sakuna, kapag may problema ang kapit-bahay, kapag may proyekto sa komunidad, kapag may mga pagdiriwang, atbp.).










**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang komunidad ay mahalaga dahil dito nagtutulungan ang mga tao upang masiguro nila ang isang maayos at mapayapang lugar na titirhan nila.
- Ang topograpiya (o anyong lupa at tubig) ng isang lugar ay kadalasang may kinalaman sa pagkakaiba-iba ng mga komunidad sa isang lugar.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang isang komunidad sa isang tao?
- Bakit hindi magkakatulad ang komunidad ng tao kahit nakatira sila sa iisang bansa?

2. Hayaang ilarawan ng bawat miyembro ang mga larawang ibinigay. Maaari nilang sabihin kung ano ang nakikita nila sa larawan at bakit kailangang magtulungan ang mga tao sa larawan. Bigyan ang bawat grupo ng 5 hanggang 7 minuto para magtalakayan.
3. Hayaan ang bawat grupo na pumili ng isang larawan na kanilang tatalakayin at ibabahagi sa klase. Sasabihin nila kung ano ang ginagawa ng mga tao sa larawan at bakit kailangan magtulungan ng mga tao sa larawan.
4. Pagkatapos ng pagbabahagi ng bawat grupo ay paupuin ang mga mag-aaral sa kanilang mga upuan at magkaroon ng paglalagom.

**C. Pagpapatibay** (Pag-uulat ng Pangkatang Gawain)

1. Matapos iayos ang mga mag-aaral sa kanilang upuan, dalhin ang talakayan sa paglalagom.
2. Paglalagom: Gamitin ang mga pangunahing tanong para sa paglalagom.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.
    - Sino-sino ang nakatira sa komunidad ninyo? Ilan kaya ang taong nakatira sa barangay o sa kalye kung saan makikita ang inyong bahay?
    - Marami o kaunti lang ba ang tao sa inyong komunidad?
    - Ano-anong mga lugar o bagay ang makikita sa inyong komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pagpapahalaga sa pagiging bahagi ng isang komunidad (*Social Accountability*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Larawan ng mga gawain sa komunidad
- Pisi (*yarn*), gunting, at mga *straw*


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin: Ang Lokasyon ng mga Lugar sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nailalarawan ang sariling komunidad gamit ang mga simbolo sa payak na mapa
- Nakikilala ang mga sagisag na ginagamit sa mapa sa tulong ng panuntunan
- Natutukoy ang lokasyon ng mga mahahalagang lugar sa sariling komunidad batay sa lokasyon nito sa sariling tahanan o paaralan

**A. Panimula** (*Picture Analysis:* "Larawan ni Dora the Explorer")

1. Simulan ang aralin gamit ang mga larawan ni "Dora the Explorer." Maaaring magpakita ng mga larawan ng paggamit ni Dora ng mapa. Maaari din namang ipakita ang isang *segment* ng *video* ng paggamit ni Dora ng mapa. Hikayatin ang mga mag-aaral na sagutin ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa loob ng 5 hanggang 10 minuto.
2. Magpakita ng halimbawa ng isang mapa at pag-usapan ito sa klase.

**B. Paglinang** (Pagtatalakay at Maikling Gawain: Paggawa ng mga simbolo ng mapa)

1. Magkaroon ng talakayan tungkol sa konsepto ng mapa, mga uri nito, at mga mahahalagang simbolo tungkol dito.

**Pangunahing Pang-unawa:**


- Ang kaalaman at kasanayan sa pagbasa ng mapa ay hindi lamang nagbibigay ng kaalaman sa direksiyon kundi nagbibigay rin ito ng kaalaman sa mga bagay na maaaring gamitin ng tao para mapaunlad o maprotektahan ang komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Ano ang epekto ng kaalaman sa mapa sa bawat miyembro ng komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Pagkamalikhain at kasanayan sa paggamit ng mapa (*Map Skills*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)




Pinagkunan: http://teacherlink.ed.usu.edu/tlresources/units/byrnesf2000/wenhal/map.gif

2. Upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magamit ang mapa, bigyan sila ng sagutang papel na katulad ng makikita sa ibaba:

Sabihin kung ano ang mapupuntahan mo sa bawat bilang:

1) Kung ikaw ay pupunta sa hilaga ng paaralan, makikita mo ang ______________.

2) Kung ikaw ay pupunta sa hilaga ng sinehan, makikita mo ang ______________.

3) Kung ikaw ay pupunta sa hilaga ng estasyon ng bombero, makikita mo ang ______________.

3. Bigyan ang buong grupo ng 20 minuto para tapusin ang gawain.

C. **Pagpapatibay** (Diskusyong Pangkalahatan)

1. Matapos ang gawain, sagutan ang nasabing sagutang papel. Pukawin ang atensiyon ng mga mag-aaral para sa paglalagom.

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Larawan o *video* ni "Dora the Explorer"



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Paglalagom: Gamitin ang pangunahing tanong para sa paglalagom.

3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.

    - Pag-aralang mabuti ang paraan ng paggawa ng mapa at ang gamit ng mga simbolo nito.
    - Isulat sa kuwaderno ang mga mahahalagang lugar na makikita sa komunidad (Halimbawa: estruktura tulad ng ospital, pamilihan, pamahalaang bayan, himpilan ng pulis, at maging ang mga anyong lupa o tubig na makikita rito).

## Aralin: Ang Mapa ng Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nailalarawan ang mga anyong lupa at anyong tubig sa sariling komunidad
- Nakaguguhit ng payak na mapa ng komunidad mula sa sariling tahanan o paaralan, na nagpapakita ng mga mahahalagang lugar at estruktura, anyong lupa at anyong tubig, at iba pa

**A. Panimula** (*Picture Analysis:* "Mga Larawan ng mga Anyong Tubig at Lupa sa Komunidad")

1. Simulan ang aralin gamit ang ilang larawan ng mga anyong lupa o tubig na kilala sa Pilipinas (Halimbawa: Bulkang Taal o Mayon, Hagdan-hagdang Palayan, Bundok Apo o Pinatubo, Talon ng Maria Cristina, mga kilalang dagat sa bansa). Tatanungin ang mga mag-aaral kung alam nila kung saan ito makikita at kung ano ang maaaring ambag o kontribusyon ng mga ito sa ating bansa. Gawin ito sa loob ng 5 hanggang 10 minuto.
2. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang maaaring mangyayari kung walang mga anyong lupa o tubig ang mga komunidad. Gamit ang *Think-Pair-Share*, bigyan ang mga mag-aaral ng 2 minuto upang isulat sa papel ang mga kasagutan sa nabanggit na tanong.

**B. Paglinang** (Pagtalakay at *Individual Map Making:* Paggawa ng Payak na Mapa at Paglalarawan ng Anyong Lupa at Tubig sa Komunidad)

1. Magkakaroon muna ng talakayan tungkol sa mapa at mga bahagi nito. Magpakita ng halimbawa ng mga mapa na maaaring gamitin ng tao sa komunidad.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang mga anyong tubig at anyong lupa sa ating komunidad ay ang karaniwang pinagkukunan ng ating kabuhayan kaya mahalaga sa buong komunidad ang mga ito.
- Mahalaga ang mapa dahil naipakikita nito ang layo o lapit ng mga lugar sa isang komunidad.

**Pangunahing Tanong:**


- Ano ang kaugnayan ng mga anyong lupa at tubig sa ating komunidad?
- Bakit mahalaga ang mapa sa bawat komunidad?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Bigyan ang bawat mag-aaral ng isang papel na may mga *grid* at doon iguguhit ng mga mag-aaral ang kanilang komunidad. Ang papel ay parang katulad ng makikita sa ibaba:




Pinagkunan: http://www.magazine.ordnancesurveyleisure.co.uk/tsimages/editorial/outdoor-skills/map-and-navigations-skills/grid-refs-6-figure.jpg

3. Gagamitin rin nilang perspektibo ang kanilang bahay upang malaman ang layo o lapit ng mga anyong lupa o tubig sa kanilang lugar. Gagamit ang mga mag-aaral ng mga simbolo (tulad ng mga hugis na kukulayan nila) upang maipakita ang layo o lapit ng mga anyong lupa o tubig na makikita sa kanilang komunidad. Maaari din nilang ilagay ang mga estrukturang makikita sa kanilang komunidad (Halimbawa: simbahan, paaralan, ospital, tren, himpilan ng pulis, atbp.).
4. Maaari nilang gamitin ang mga pangkulay nila para sa gawaing ito.
5. Bigyan ang mga mag-aaral ng 20 hanggang 30 minuto para tapusin ang gawain.

**C. Pagpapatibay** (Diskusyong Pangkalahatan)

1. Matapos ang pangkatang gawain, ipakikita ng mga mag-aaral ang mga mapang ginawa nila sa klase. Pumili ng 2–3 mag-aaral upang ilahad ang kanilang ginawa.

- Pagkamalikhain at kasanayan sa paggamit ng mapa (*Map Skills*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Sagutang papel
- Larawan ng mga kilalang anyong lupa at tubig ng bansa

2. Paglalagom: Gamitin ang mga pangunahing tanong sa paglalagom.

3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.

   - Basahin ang pahina sa aklat tungkol sa panahon at klima.
   - Itanong sa magulang kung ano-ano ang mga uri ng panahon at klima na nararanasan sa inyong komunidad.
   - Ano ang ginagawa ng mga tao tuwing nagpapalit ang panahon o klima? Magsulat ng limang bagay patungkol dito sa kuwaderno.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Aralin: Ang Panahon at Klima sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Nailalarawan ang panahon at kalamidad na nararanasan sa sariling komunidad
- Nasasabi ang iba't ibang uri ng panahong nararanasan sa sariling komunidad (tag-ulan at tag-init)
- Nasasabi kung paano ibinabagay ng mga tao sa panahon ang kanilang kasuotan at tirahan

**A. Panimula** (*Video Analysis:* "Panonood ng Weather Forecast")

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapanood sa mga mag-aaral ng ilan sa mga kilalang *weather forecast*. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang magiging kalagayan ng panahon sa nasabing araw. Gawin ito sa loob ng 5 hanggang 7 minuto.
2. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kagandahan ng panonood o pagbabasa ng ulat-panahon sa komunidad. Bigyang diin ang panahon at klima bilang isa sa mga salik na nakaaapekto sa buhay ng mga tao sa isang komunidad.

**B. Paglinang** (Pagtalakay at Pangongolekta ng Datos sa Pamamagitan ng Isang Talaarawan)

1. Magsimula sa isang malayang talakayan tungkol sa panahon at klima. Magtanong tungkol sa kaibahan ng panahon at klima, uri nito, paano pinag-aaralan ang parehong konsepto, at epekto nito sa buhay ng tao sa komunidad.
2. Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng talaarawan na titingin sa kalagayan ng panahon sa loob ng 3–5 araw. Ito ay isang talaan na isusulat nila sa kanilang mga kuwaderno at katulad ng makikita sa susunod na pahina:

**Pangunahing Pang-unawa:**

Ang pamumuhay ng tao ay dapat naaayon sa klima at panahon sa lugar na ito para maging mahusay at maayos ang kanilang pamumuhay at pakikipagtulungan sa kapwa.

**Pangunahing Tanong:**

Bakit mahalaga ang makiangkop ang mga tao sa komunidad sa kanilang panahon at klima?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- Talahanayan ng panahon at klima

| Araw | **Panahon** (i.e. Maulan, Maaraw, Makulimlim) | **Kaunting Paglalarawan** (i.e. may pag–ulan, masyadong mainit, malakas na hangin) | **Suot at Tirahan ng mga Tao** (i.e. manipis na damit; makapal na damit | **Karaniwang gawain ng mga tao sa araw na iyon** (i.e. naglalaba si Nanay dahil mataas ang araw; nasa loob ng bahay dahil maulan) |
|---|---|---|---|---|
| Unang araw | | | | |
| Ikalawang araw | | | | |
| Ikatlong araw | | | | |

3. Maaaring humingi ang mag-aaral ng tulong sa kanyang mga magulang o kasama sa bahay upang mapunan ang datos.

**C. Pagpapatibay** (Diskusyong Pangkalahatan)

1. Matapos ang paggawa ng talaarawan, hayaang magkaroon ang mag-aaral ng malayang pagpapalitan ng naisulat. Pipili ang guro ng dalawa o tatlong mag-aaral upang ilahad ang kanilang ginawa.
2. Paglalagom: Gamitin ang pangunahing tanong para sa paglalagom.
3. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.
    - Gumupit ng mga halimbawa ng kalamidad o sakuna na naranasan ng komunidad sa loob ng isang buwan. Idikit ito sa kuwaderno.
    - Ano ang naging bahagi ng mga tao sa komunidad para mangyari ito?
    - Ano ang naging tungkulin ng komunidad para makatulong sa mga nasalanta ng kalamidad at maiwasang mangyari ulit ito?

- Mga larawan ng pakikiangkop ng tao sa panahon at klima
- *Video* ng *weather forecast*
- LCD or TV *screen* at *computer*



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Aralin: Ang mga Kalamidad at Sakuna na Minsang Nararanasan sa Aking Komunidad

**Layunin:**

- Natutukoy ang mga natural na kalamidad o sakunang madalas maganap sa sariling komunidad
- Nakakukuha ng impormasyon tungkol sa mga epekto ng kalamidad sa kalagayan ng mga anyong lupa, anyong tubig, at sa mga tao sa sariling komunidad
- Nasasabi ang mga wastong gawain/pagkilos sa tahanan at paaralan sa panahon ng kalamidad
- Naiuugnay ang tungkulin at gawain ng mga bumubuo ng komunidad sa sarili at sariling pamilya

**A.** **Panimula** (*Video Analysis:* "Panonood ng *Video* sa Pangyayari sa Fukushima, Japan at ng Bagyong Yolanda")

1. Simulan ang aralin sa pamamagitan ng pagpapanood sa mga mag-aaral ng pangyayari sa Japan at sa Pilipinas. Gawin ito sa loob ng 5 hanggang 7 minuto.
2. Tanungin ang mga mag-aaral sa pagkakapareho at pagkakaiba ng napanood na *video*. Bigyang diin na may mga sakunang minsan hindi kontrolado ng aksyon ng tao pero kadalasan, ayon sa mga eksperto, ang mga sakuna ay nangyayari dahil sa kapabayaan ng tao sa kapaligiran.

**B.** **Paglinang** (Malayang Pagtalakay at Indibidwal na Pagguhit)

1. Magsimula sa isang malayang talakayan tungkol sa konsepto ng sakuna at kalamidad. Kailangang maipaliwanag sa mga mag-aaral ang kaugnayan ng sakuna sa mga kalamidad na maaari nilang maranasan sa buhay nila sa komunidad.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang kahandaan ng bawat tao sa komunidad sa panahon ng sakuna at kalamidad ay nakatutulong upang mas mabawasan ang malawakang pinsalang dulot ng mga kalamidad at sakuna, gayundin ay mas magiging handa ang mga miyembro na tulungan ang mga nangangailangan.
- Sa panahon ng kalamidad at sakuna, marapat lamang na maging alerto at sundin ang mga payo ng nasa pamahalaan upang mabawasan ang pinsalang dulot sa komunidad.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalagang handa ang bawat miyembro ng

2. Matapos linawin ang konsepto ng sakuna at kalamidad, hayaan ang mga mag-aaral na magbigay ng halimbawa ng mga naranasang sakuna o kalamidad sa komunidad. Bago ang talakayan, bigyan ng takdang-aralin ang mga mag-aaral na maghanap ng mga larawan sa dyaryo ng mga kalamidad na naranasan nila sa komunidad.
3. Maaari ding magpakita ng mga larawan ng mga sakuna at kalamidad na nararanasan sa komunidad.
4. Gamit ang mga papel at pangkulay, bigyan ng pagkakataong ilarawan ng mga mag-aaral ang mga nasaksihan nilang kalamidad at sakuna. Hayaan din silang magsulat ng isa hanggang dalawang pangungusap na magpapaliwanag ng kanilang larawan.
5. Pumili ng ilang mag-aaral na maaaring magpakita ng kanilang larawan sa klase.

**C. Pagpapatibay** (Diskusyong Pangkalahatan at *Role-play*)

1. Matapos ang pagpapakita ng mga gawa ng mag-aaral sa klase, dalhin ang talakayan sa mga isyung may kinalaman sa sakuna at mga kalamidad at kung ano ang mga sanhi nito. Maaaring magpakita ng mga larawan na magpapaisip sa mga mag-aaral na ang mga sakuna ay hindi lamang natural kundi kadalasan ay sanhi ng kapabayaan ng mga taong namumuhay sa komunidad.
2. Bigyan din ng pagkakataon ang mga mag-aaral na isipin ang magiging epekto ng patuloy na pagpapabaya ng mga tao sa kapaligiran at ano ang magiging dalang mga sakuna o kalamidad nito.
3. Dahil sa patuloy na paglaganap ng sakuna at kalamidad, ituro sa mga mag-aaral ang mga *safety drill* na itinuturo ng pamahalaan bilang paghahanda sa mga kalamidad at sakuna.

komunidad sa oras ng sakuna at kalamidad?

- Ano ang mga dapat gawin upang maging handa sa mga kalamidad at sakuna?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Kasanayan sa malalimang pag-aanalisa (*Critical Thinking*)
- Kasanayan sa wika: pasalita o pasulat (*Communication Skill*)

**Mga Kagamitan:**

- *News clippings* ng mga sakuna at kalamidad sa komunidad
- Mga larawan ng sakuna o kalamidad sa komunidad
- *Video* ng *weather forecast*
- LCD or TV *screen* at *computer*


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Maaaring hayaan ang mga mag-aaral na gawin ang *role-play* upang matutuhan nila ang tamang gawi sa mga sitwasyon ng kalamidad.

4. Ipamulat rin sa mga mag-aaral ang mahalagang papel ng *National Disaster and Risk Reduction Management Council* at ng pambansa at lokal na pamahalaan sa panahon ng kalamidad at sakuna. Hayaan ring humingi ng tulong ang mga mag-aaral sa kanilang mga magulang upang matulungan silang maghanda sa panahon ng kalamidad at sakuna.

5. Paglalagom: Gamitin ang mga pangunahing tanong para sa paglalagom.

6. Bilang paghahanda sa susunod na aralin, ang mga mag-aaral ay magtatanong sa kanilang mga magulang tungkol sa sumusunod na mga tanong at isusulat nila ang mga ito sa kanilang kuwaderno.

    - Magtanong sa mga magulang ng mga kuwentong-bayan o alamat ng inyong pinagmulang komunidad. Isulat ito sa kuwaderno.
    - Magdala rin ng mga larawan ng mga karaniwang tradisyon at kultura ng mga tao sa inyong komunidad na ginagawa noon at ngayon.
    - Magtanong din sa mga magulang ng mga tradisyon at mga gawain ng mga tao noon at ngayon.